

AUGUST 2024 ISSUE



IMUS, MAHAL KONG BAYAN

BANAAAG

OFFICIAL NEWSLETTER PUBLICATION OF THE CITY GOVERNMENT OF IMUS



60 BATANG IMUSEÑO, NATUTONG BUMASA SA TAYO NA'T MAGBASA! A LIBRARY READING PROGRAM FOR STRUGGLING LEARNERS NG IMUS LGU

Matagumpay ang pagkatutong bumasa ng 60 batang Imuseño sa kanilang pagtatapos sa Tayo Na't Magbasa! A Library Reading Program for Struggling Learners ng Pampublikong Aklatan ng Lungsod ng Imus noong Agosto 8, 2024, sa Function Hall, New Imus City Government Center.

Ang mga bata ay ginawaran ng sertipiko ng pakikilahok, gift check na nagkakahalaga ng P500 mula kay Sangguniang Kabataan (SK) Federation President Glian Ilagan, at 20 token mula sa Tom's World.

Personal din silang binigyang-papuri nina City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, SK President Glian Ilagan, City Librarian Rosena Roman, at nina Tom at Joy ng Tom's World.

Sa tulong ng 97 SK Council mula sa iba't ibang barangay at mga guro mula sa iba't ibang pampublikong paaralan sa Imus, sumailalim sa tatlong linggong pagbabasa mula Hulyo 1-18, 2024, ang mga lumahok na bata.

Ipinaabot din ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang pasasalamat sa mga guro na sina Annalyn Espiritu ng Bukandala Elementary School, Wendy Tajantajan ng Alapan I Elementary School, Mary Ann Ramos ng Malagasang II Elementary School, at Sheryll Nalangan ng Malagasang I Elementary School.

Taunang isinasagawa ng Pampublikong Aklatan ng Lungsod ng Imus ang Tayo Na't Magbasa! A Library Reading Program for Struggling Learners para matulungan ang mga batang hirap bumasa.



CITY GOVERNMENT OF IMUS
facebook.com/CityOfImus





AKSYON ON WHEELS: AKAP PARA SA 1,019 IMUSEÑO RIDERS

Bilang pasasalamat, hinandugan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula at ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, ang 1,019 na food delivery at motor taxi riders ng tulong pinansyal na nagkakahalaga ng P3,000 kada tao sa ilalim ng Ayuda para sa Kapos ang Kita Program (AKAP) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) noong Agosto 3, 2024, sa Dimasalang Covered Court.

Nakasama rin dito sina City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Konsehal Larry Nato, Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Sherwin Lares Comia, Konsehal Wency Lara, Konsehal Enzo Asistio Ferrer, at Imus CDRMO Command Center Manager David "AJ" Sapitan Jr.

Isa ang AKAP sa mga programa ng DSWD na layuning matulungan ang minimum wage earners na nasa low-income category.



600 IMUSEÑO NAKATANGGAP NG TULONG PINANSYAL

Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pamamahagi ng tulong pinansyal sa humigit-kumulang 600 Imuseñong higit na nangangailangan sa pamamagitan ng programang Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) nitong Agosto 19, 2024, sa City of Imus Sports Complex.

Bahagi rin ng paghahandog sina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at mga konsehal.

Isa ang AICS sa mga programa ng DSWD na nagbibigay ng tulong pinansyal, medikal, transportasyon, edukasyon, at pampalibing sa mga indibidwal na kapos-palad.

PHILHEALTH KONSULTA CARAVAN UMARANGKADA SA IMUS

Upang mapaingting pa ang pagtugon sa pangangailangang medikal ng mga Imuseño, inilapit ng PhilHealth ang Konsulta Caravan sa Imus noong Agosto 16, 2024, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Imus na pinangungunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula.

Sa pamamagitan nito ay nasuri ang mga pangangailangang pangkalusugan ng humigit-kumulang 1,000 indibidwal na miyembro ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) at rehistradong miyembro din ng PhilHealth.

Kaagapay rin sa naganap na pagsusuri ang mga doktor ng Imus City Health Office na sina Dr. Noralyn V. Del Mundo, Dr. Ma. Rhodora J. Coronado, Dr. Gelyn G. Golamco, at Dr. Maria Rossini M. De Ausen.

Personal namang pinasalamatan ni Mayor AA ang mga kawani ng lokal na pamahalaan at ng PhilHealth habang kinumusta niya ang mga dumalo sa naturang Konsulta Caravan.





NANAY NA IMUSEÑO, HAKAB NA! YEAR 5 PARA SA KALUSUGAN NI BABY

Sa ikalimang taon, idinaos ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Nanay na Imuseño, Hakab na! A Simultaneous Latch On Activity nitong Agosto 24, 2024, sa City of Imus Children and Youth Center bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng National Breastfeeding Awareness Month na may temang "Closing the Gap: Breastfeeding Support for All."

Natutunan ng 186 na nanay ang kahalagahan ng pagpapasuso sa mga sanggol tungo sa kanilang malusog na pangangatawan.

Sabay-sabay ring nagpasuso ang 115 nanay sa ginanap na Big Latch On Activity upang mahikayat ang mga ito na makita ang pagpapasuso ng sanggol bilang isang normal na gawain.

Binigyang-diin ni Nutritionist-Dietitian II Liberty Guzman ng Provincial Health Office ang importansya ng pagpapasuso, habang iwinasto ni Nutritionist-Dietitian II Rose Alcala ng Department of Health Cavite ang mga maling paniniwala kaugnay ng pagpapasuso.

Ibinahagi naman nina Nina Atienza, founding administrator ng isang breastfeeding advocate group na South PiNanays, at Iris de Sagun ang kanilang mga pinagdaanan sa pagpapasuso ng kani-kanilang mga anak.

Nagbigay-suporta rin sa programa sina Konsehal Yen Saquilayan na ngayon ay nagdadalang-tao rin, Konsehal Enzo Asistio, Special Assistant to the Mayor Jeff Purisima bilang kinatawan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Dr. Gelyn Golamco, at City Dentist Dr. Dong Parnala.

Ang Nanay na Imuseño, Hakab na! A Simultaneous Latch On Activity ay pinangunahan ng Imus City Health Office – Nutrition at ng Local Council for the Protection of Children.



KAMPEONATO SA 2ND CONGRESSMAN AJ CUP INTER-CLUSTER VOLLEYBALL TOURNAMENT MULING INUWI NG CLUSTER 5 AT 9

Muling itinanghal na kampeon ang Cluster 5 sa men's division at Cluster 9 sa women's division sa ikalawang taon ng Congressman AJ Cup Inter-Cluster Volleyball Tournament nitong Agosto 3, 2024, na ginanap sa City of Imus Sports Complex.

Sa men's division, nanaig ang lakas ng Cluster 5 nang makuha nito ang kampeonato kontra Cluster 6 sa puntos na 3-2. Hinirang na first runner-up ang Cluster 6. Nagtagisan din ang Cluster 1 at Cluster 7, kung saan naiuwi ng Cluster 1 ang second runner-up at ng Cluster 7, ang third runner-up sa puntos na 3-1.

Para naman sa women's division, matagumpay na inilaban ng Cluster 9 ang kampeonato sa puntos na 3-1 laban sa Cluster 2 na hinirang bilang first runner-up. Iginawad naman sa Cluster 6 ang second runner-up matapos harapin ang Cluster 8 na nasa third runner-up sa puntos na 3-2.

Hinirang na Finals Most Valuable Player (MVP) sina Ivan Dela Cruz ng Cluster 5 at Carrelle Carreon ng Cluster 9. Season MVP naman sina Audie Hidalgo ng Cluster 6 at Erica Bodonal ng Cluster 2.

Best Libero sina Jules Lunar ng Cluster 6 at Kyla Elava ng Cluster 9, Best Setter sina Audie Hidalgo ng Cluster 6 at Carelle Carreon ng Cluster 9, habang Best Opposite Hitter sina Nicko Castillo ng Cluster 7 at Elizha Sildo ng Cluster 2.

Samantala, ginawaran bilang First Best Outside Hitter sina Ivan Dela Cruz ng Cluster 5 at Erica Bodonal ng Cluster 2, Second Best Outside Hitter sina RD Puentespinas ng Cluster 1 at Michele Busa ng Cluster 9, First Best Middle Blocker sina Tristan Allam ng Cluster 6 at Lovely Zapf ng Cluster 9, at Second Best Middle Blocker sina Christian Olaes ng Cluster 5 at Almira Lucas ng Cluster 2.

Ang bawat kampeon ay nakatanggap ng P200,000; P100,000 naman para sa first runner-up; P75,000 para sa second runner-up; at P30,000 para sa third runner-up. Pinarangalan din ng tig-P5,000 ang bawat Finals MVP at Season MVP.

Hinandugan naman ng P10,000 ang bawat koponang hindi pinalad na makapasok sa finals.

Dinaluhan din ito nina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, City Mayor Alex "AA" L. Advincula, City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at ilang miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.

MALAGASANG PRIMERO MULING NASUNGKIT ANG KAMPEONATO SA 2ND CONGRESSMAN AJ CUP INTER-MOTHER BARANGAY BASKETBALL TOURNAMENT

Sa ikalawang pagkakataon, pinatunayan ng Malagasang I ang kanilang galing sa basketball nang muling mapanalunan ang kampeonato sa Second Congressman AJ Cup Inter-Mother Barangay Basketball Tournament noong Agosto 2, 2024, sa City of Imus Sports Complex.

Sa puntos na 91-56, naiwi rin ng Malagasang I ang cash prize na P200,000 habang natanggap ng Alapan I ang ikalawang puwesto at ang P175,000.

Nasungkit naman ng Bahayang Pag-asa ang ikatlong puwesto at ang P100,000 sa puntos na 106-98 kontra Buhay na Tubig na nakapag-uwi ng P50,000 sa ikaapat na puwesto.

Itinanghal na Finals at Season Most Valuable Player si Junjie Hallare ng Malagasang I na nakatanggap ng suma total P10,000 at bahagi rin ng mythical five.

Kasama niya rin dito sina Kriss Kelly Gurtiza at Lester Oria ng Buhay na Tubig, Ronald Paul Bucoy ng Malagasang I, at Mhelmar Adrian Balowa ng Bahayang Pag-asa.

Ang mga koponan namang hindi nakapasok sa final four ay nakatanggap ng tig-P10,000.

Nasaksihan din nina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, City Mayor Alex "AA" L. Advincula, City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at ilang miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus ang tagisan ng pinakamagagaling sa larong basketball.

Bago matapos ang paligsahan, ipinahayag ni Mayor AA na magkakaroon ng malakihang pagkukumpuni sa City of Imus Sports Complex.



671 LOLO'T LOLA LUMAHOK SA LIVELIHOOD SKILLS TRAINING NG IMUS LGU

Inilunsad ng Office of the Senior Citizens Affairs ang Livelihood Skills Training for Social Pension Beneficiaries sa ilang mga barangay sa Imus mula noong Hulyo 7 – Agosto 22, 2024.

Katuwang ang City of Imus Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial and Enterprise Development Office, natutunan ng 671 lolo at lola ang meat processing, rug making, at ang paggawa ng detergent at fabric conditioner sa pangunguna nina Franceene Mae Costa ng Technical Education and Skills Development Authority, Nahumi Makiling ng City College of Imus, at Ronnie Yohan ng Department of Education.

Sa tulong nito ay mabibigyan ng pagkakataon ang mga senior citizen na magkaroon ng alternatibong hanapbuhay.





BATAS KASAMBAHAY PARA SA PROTEKSYON NG MGA KASAMBAHAY

Kinumusta ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang idinaos na Seminar Orientation on Republic Act No. 10361 o ang "Batas Kasambahay" ng Imus Public Employment Service Office noong Agosto 16, 2024, sa Wellness Center, New Imus City Government Center.

Tinalakay nina Assistant Labor Inspector Jeoffrey Francis Arma ng Department of Labor and Employment (DOLE), Acting Head Eric Elloso ng Other Working Groups Task Force ng Pag-IBIG Fund, at City Local Government Operations Officer Joseph Ryan Geronimo sa 72 kawani ng mga barangay ang mga karapatan ng mga kasambahay batay sa naturang batas, gayon din ang mga paraan kung paano sila mabibigyan ng proteksiyon mula sa banta ng mga pang-aabuso.



EDITORIAL BOARD

Editor-in-Chief: Ervin Ace H. Navarette

Managing Editor: Nikki Elline C. Barco

Head Writer: Francesca Mandac

Art Director: Christian Yunson

Photo Credits: City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman



Inilathala ng:
IMUS CITY INFORMATION OFFICE

2F Imus City Government Center

Email:
imuscityinformationoffice@gmail.com

www.cityofimus.gov.ph